

ARALING KABANWAHAN AT KASAYSAYANG KABANWAHAN: ISANG INTRODUKSYON

Atoy M. Navarro

*Bagong Kasaysayan-Bahay Saliksikan sa Kasaysayan (BAKAS)
Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP)*

Kung tutuusin, marami-rami na ring pagkakataong pinaksa ko ang *Araling Kabanwahan* at *Kasaysayang Kabanwahan* sa iba't ibang kumperensya at sampaksa sa loob at labas ng Pilipinas (Navarro 1999b, 2000b, 2000c, 2005, 2006, 2007a, 2007b). Sa mga pagpaksang ito, tinukoy kong kasabay ng patuloy na pag-unlad ng *panayong pananaw* (Navarro, Rodriguez, Villan 1997b; Navarro 2000a), patuloy ring nililang ang *Araling Kabanwahan* at ang kahayagan nito sa *Bagong Kasaysayan na Kasaysayang Kabanwahan*.

Sa pambungad na ito, pahapyaw nating babalikan ang kasaysayan ng, at pagpapakahulugan sa, *Araling Kabanwahan* at *Kasaysayang Kabanwahan*.

MULA ARALING ERYA TUNGONG ARALING KABANWAHAN

Nang naging Tagapangulo ng UP Departamento ng Kasaysayan si Dr. Zeus A. Salazar, bukod sa pagsusulong ng wikang Filipino bilang opisyal na midyum ng komunikasyon at instruksyon at pagtataguyod ng makabagong pagpapanahon sa kasaysayang Pilipino (Navarro, Rodriguez, and Villan 1997a; Gealogo 1998), pinahalagahan din ng departamento ang pagsusulong ng *Araling Pang-erya/Erya* bilang pag-aaral, pagsusuri, at pag-unawa sa mga *kaugnay na bayan* at/o *ibang bayan*. Nagtaguyod ang departamento ng iba't ibang panayam at talakayan hinggil sa iba't ibang erya sa mundo. Sinuportahan din ng departamento ang partisipasyon ng kaguruan nito sa iba't ibang programa ng palitan ng kaguruan, grant sa pag-aaral at paglalakbay sa ibayong dagat, at internasyonal na kumperensya at seminar (De Leon-Bolinao 1993b; Salazar 1993; Salazar 2000). Hinikayat ang kaguruan na lumahok sa mga sesyon ng *Bahaginan/Pakikibahagi* upang talakayin ang kanilang karanasan sa ibayong dagat.

Noong 1990, isang taon matapos maging Dekano si Salazar ng UP Dalubhasaan ng mga Agham Panlipunan at Pilosopiya, binuo ang *Lupon sa Araling Pang-erya* sa pamumuno ni Dr. Clemen C. Aquino ng UP Departamento ng Sosyolohiya (De Leon-Bolinao 1993a; Salazar 1993). Inatasan ang komiteng pag-ugnay-ugnayin ang mga pagtataguyod para sa *Araling Pang-erya* sa loob ng kolehiyo. Nagtaguyod ang komite ng serye ng mga panayam at talakayan lalo na tungkol sa araling komparatibo, diplomasya, at migrasyon. Nagbunga ang mga pagtataguyod na ito ng tatlong publikasyon ukol sa *Araling Pang-erya* na pinamatnugutan ni Aquino (1992a, 1992b, 1992c). Sa katunayan, si Aquino ang nagbago ng pangalan mula *Araling Pang-erya* tungong *Araling Kabanwahan* upang katawanin hindi lamang ang simpleng pagbabago ng pangalan kundi ang pagbabago ng perspektibo. Ngunit sa kinasamaang-palad, sa harap naman ng pagbabago ng administrasyon ng kolehiyo noong 1992, binuwag na rin ang *Lupon sa Araling Pang-erya* (Salazar 1993 at 2000).


Sa UP Departamento ng Kasaysayan naman, muling binuhay ang mga sesyon ng *Bahaginan/Pakikibahagi* hinggil sa mga karanasan ng kaguruan sa ibayong dagat bilang mga gradwado o post-gradwadong mag-aaral at mananaliksik. Inilathala ang ilan sa mga panayam mula sa mga *Bahaginan/Pakikibahagi* na ito sa isang libro na pinamatnugutan ni Prop. Ma. Luisa R. De Leon-Bolinao (1993a). Natagalan bago nasundan ang pagpupunyaging ito para sa *Araling Kabanwahan*. Noong 1998, inilathala ni Salazar ang kanyang koleksyon ng mga sanaysay tungkol sa *Dunia Melayu*. Inilarawan ang *The Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu* bilang "one of the rare anthologies of essays on the specifically pan-Malayan problematic by a Filipino specialist" (Malay 2002) na masasabing nag-ambag ng malaki sa *Araling Kabanwahan*. Nang sumunod na taon, pinamatnugutan naman ni Dr. Maruja M.B. Asis (1999) ng Scalabrini Migration Center ang *Mga Eksilo, Inang Bayan at Panlipunang Pagbabago* na pumaksa sa mga eksilo sa iba't ibang yugto ng

kasaysayang Pilipino. Kabilang sa mga sanaysay sa librong ito ang aking artikulong “Ugnayang Pilipinas-Marianas sa Kasaysayan: Ilang Tala Tungkol sa mga Pilipinong Eksilo sa Guam” (1999b). Ang artikulong ito, na sinundan pa ng iba’t ibang artikulo (Navarro 1999a, 2000a, 2000b, 2000c, 2003, 2005, 2006, 2007a, 2007b) at libro (Salazar 2000, 2005) ang magpapakilala ng kahayagan ng *Araling Kabanwahan* sa larangan ng kasaysayan -- ang *Kasaysayang Kabanwahan*.

PAGPAPAKAHULUGAN SA KASAYSAYANG KABANWAHAN

Gaya ng nabanggit na sa ilang pagkakataon, pinapalagay kong kasabay ng patuloy na pag-unlad ng *Bagong Kasaysayan* (Navarro, Rodriguez, Villan 1997b; Navarro 2000a), patuloy ring nililina ang *Kasaysayang Kabanwahan* bilang isa sa mga pangunahing larangan nito. Kung paksa ng *Kasaysayang Buhay* o Pangkasaysayang Talambuhay ang kasaysayan ng indibidwal at paksa naman ng *Kasaysayang Bayan* ang kasaysayan ng bayan bilang *kabahagi ng bayan* at/o *kabuuang bayan*, paksa naman ng *Kasaysayang Kabanwahan* ang *kaugnay na bayan* at/o *ibang bayan*. Batid naman natin na hindi lamang tungkol sa sariling kabihasan ang pag-aaral ng kasaysayan kundi tungkol din sa mga kaugnay na kabihasan at/o ibang kabihasan. Ibig sabihin nito, maaaring paksain sa *Kasaysayang Kabanwahan* ang mga kaugnay na kabihasan sa pagiging Austronesyano/Nusantao, Asyano, o tao sa Mundo ngunit maaari ring paksain ang tungkol sa ibang kabihasan gaya ng Indonesia, Malaysia, Tsina, India, España, Mehiko, Estados Unidos ng Amerika, o Hapon. Maaaring ilarawan ang puwang ng *Kasaysayang Kabanwahan* sa isang diagram na ginagamit bilang kasangkapang heuristiko upang lagumin ang mga “arbitrario,” “nagsasala-salabat,” at “patuloy na tinatrabaho” na samu’t saring larangan ng *Bagong Kasaysayan*:

Diagram 1
Samu’t Saring Larangan ng Bagong Kasaysayan



Navarro 1999a at 2003

Masasabing bilang isa sa pangunahing larangan ng *Bagong Kasaysayan*, inuugat ng *Kasaysayang Kabanwahan* ang kahulugan nito mula sa katagang *Kasaysayan* bilang *salaysay na may saysay* hinggil sa *nakaraan* para sa *sinasalaysayang salinlahi* at salitang *Kabanwahan* bilang pagkakaugnay at pag-uugnay ng mga *banua/banwa* bilang kabihasan. Itinatakda ng paggamit ng *banua/banwa* at ng pangmaramihan/plural na anyo nitong *kabanwahan* ang pagkilala sa kahalagahan ng paggamit ng Pilipinong dalumat na tulad ng *banua/banwa* sa pagpapakahulugan sa mga kaugnay na kabuuan at/o ibang kabuuan -- hindi kabuuan bilang mapanlahat na pagkakatulad, kundi kabuuang nagmumula sa pag-unawa sa mga pagkakaugnay at pag-uugnay (Navarro 2005, 2007a, 2007b). Mahalagang banggitin din na bahagi ang katagang *banua/banwa* ng orihinal na talasalitaang Austronesyano na patuloy na matatagpuan sa samu’t saring anyo sa Asya-Pasipiko at Timog Silangang Asya -- kabilang na ang Kapuluang Timog Silangang Asya [Bugis (Sulawesi) Indonesia *wanua* = lupa/teritoryo, bansa/bayan; at Malay *benua* = kontinente] at Oceania [cf. estado sa Pasipiko na *Vanuatu* at Maori *whenua*] -- i.e., “*banu[v]a”: lupa/teritoryo, pamayanan [cf. Indonesia: Toba Batak *banua*’ lupa/teritoryo; Malay *benua*’ kontinente; Melanesia: Fiji *vanua*’, Samoa *henue*’ lupa/teritoryo, pamayanan; Polynesia: Tonga *fonu*’ lupa/teritoryo; Futuna *fenua*’ lupa/teritoryo, bansa/bayan; at Samoa *fanua*’ lupa/teritoryo] (Salazar 1997, 2005). Sa paggamit ng *banua/banwa*, makikita ang mga pagkakaugnay at pag-uugnay ng sariling kabuuan sa mga kaugnay na kabuuan at/o ibang kabuuan.

Sa paglilinang ng *Kasaysayang Kabanwahan* bilang larangan, masasabing binuo ito bilang pangkasaysayang pag-aaral ng ugnayan ng mga kabihasan sa layuning magkaroon ng talastasang bayan sa loob ng sariling kabihasan tungkol sa mga kaugnay na kabihasan at/o ibang kabihasan (Navarro 2005, 2007a, 2007b). Mahalagang salungguhitan ang layuning *magkaroon ng talastasang bayan sa loob ng sariling kabihasan* sapagkat sa pakahulugang ito tila nagkakaroon ng bahagyang kaibahan ang aking pakahulugan sa pakahulugan ni Salazar, isa ring nangunguna, kundi man pangunahing tagapagdalumat ng *Kasaysayang Kabanwahan*. Sa Konklusyon (na nauna ko nang pinuna na tila hindi pa tapos at minadali) ng pinakahuling aklat ni Salazar na *Ang Pilipinong Banua/Banwa sa Mundong Melano-Polynesiano*, sinabi niyang:

Kung kaya't natawag ang pag-aaral, *ang agham ng pakikipag-ugnay, pakikipagtalastasan sa mga bansa't ibang etnisidad sosyo-pulitikal* na KASAYSAYANG KABANWAHAN na ang gawain at kaligayahan ay pag-aralan ang mga bansa na batid kung alin ang mga kapwa-bansa (tulad ng Indomalaysia, buong Pasipiko, at Malaysia) kumpara sa mga di-kapwa o iba pa nga't mga bansa (tulad ng China, Estados Unidos, mga Kanluraning kabuuan at iba pa) (Salazar 2005). (*Akin ang diin*)

Sa pakahulugan ni Salazar, pati ang mismong *pakikipag-ugnay at pakikipagtalastasan sa mga bansa't ibang etnisidad sosyo-pulitikal* ay *Kasaysayang Kabanwahan* samantalang sa aking pakahulugan tanging ang pakikipagtalastasan sa mga kababayan *sa loob ng sariling kabihasan* tungkol sa mga bansa't ibang etnisidad sosyo-pulitikal ang itinuturing kong *Kasaysayang Kabanwahan*. Sa harap ng bahagyang kaibahan ng aking pakahulugan sa pakahulugan ni Salazar, makikitang taliwas sa pinapalagay ng ilan, hindi homojenos o pare-parehong mag-isip ang mga tagapagtaguyod ng *pantayong pananaw*.

Salalayan ang aking pakahulugan, iginigiit ko sa *Kasaysayang Kabanwahan* ang kahalagahan at katuturang pangtalastasan ng sariling wika. Sa paggamit ng sariling wika, tinitingnan ang *Kasaysayang Kabanwahan* ayon sa *pantayong pananaw* -- sa diwa ng mga Pilipinong nag-uusap-usap tungkol sa sariling kabihasan at kaugnay na kabihasan -- *i.e.*, "*Tayo ay Austronesyano,*" "*Tayong mga Asyano...*," o "*Tayong lahat ay tao,*" sa loob ng talastasang bayan. Ngunit hindi lamang ayon sa *pantayong pananaw* kundi maaaring batay rin ang *Kasaysayang Kabanwahan* sa *pansilang pananaw* (Navarro 2005, 2007a, 2007b). Sabi nga ni Dr. S. Lily Mendoza, nangungunang iskolar ng interkultural na komunikasyon:

Under the *Pansila* project, the goal is to develop a Filipino discourse on other cultures and civilizations in ways that collectively benefit the Filipino people -- a taken-for-granted project in the case of every other nation with its own *kabuuan* or a sense of who they are as a people (Mendoza 2000).

Sa ilalim ng proyektong *Pansila*, ang layunin ay paunlarin ang talastasang Pilipino tungkol sa ibang kalinangan at kabihasan sa mga pamamaraang kolektibong nagbibigay ng benepisyo sa sambayanang Pilipino -- isang karaniwan nang proyekto sa kaso ng bawat ibang bansang may sariling *kabuuan* o pagkilala kung sino sila bilang isang bayan. (*Akin ang salin*).

Sumasayapak dito, masasabing sa *pansilang pananaw*, nag-uusap-usap ang mga Pilipino tungkol sa kaugnay na kabihasan at/o ibang kabihasan -- *i.e.*, "*Silang mga Indones...*" o "*Silang mga Amerikano*" sa loob ng talastasang bayan. Sa ganitong pagtingin, masasabing ang mga kabuuan sa *Kasaysayang Kabanwahan* ay maaaring pakahulugan ayon sa pagiging *kaugnay* sa diwa ng *pantayong pananaw* at/o batay sa pagiging *iba* sa diwa naman ng *pansilang pananaw*. Ngunit sa huli, *pantayong pananaw* man o *pansilang pananaw*, sa harap ng nagbabago o nag-iiba-ibang pakahulugan ng *sarili* sa *iba* bilang *kapwa* at/o *iba*, lumilitaw na matingkad ang kahalagahan at katuturang pangtalastasan ng sariling wika para sa kagalingan, kapakanan, at karapatan ng sambayanang Pilipino (Navarro 2005, 2007a, 2007b).


Tuntungan ang paggigiit sa *Kasaysayang Kabanwahan* bilang pangkasaysayang pag-aaral ng ugnayan ng mga kabihasan sa layuning magkaroon ng talastasang bayan sa loob ng sariling kabihasan sa sariling wika tungkol sa mga kaugnay na kabihasan at/o ibang kabihasan, mainam namang tukuyin ang kasaklawan ng larangan. Saklaw ng *Kasaysayang Kabanwahan* ang *kasaysayan ng diplomasya* at

kasaysayan ng migrasyon sa Pilipinas; kasaysayang komparatibo; at pangkasaysayang araling pang-erya (Navarro 1999b, 2000b, 2000c, 2005, 2006, 2007a, 2007b). Pinapaksa ng kasaysayan ng diplomasya at kasaysayan ng migrasyon ang mga yugto sa kasaysayan kung kailan at saan may *pagtatagpo* ang sariling kabihasan sa kaugnay na kabihasan at/o ibang kabihasan na tampok sa ugnayang panlabas ng Pilipinas. Sa mga pagkakataong walang tiyak o tuwirang pagtatagpo, maaaring sa paraan ng *paghahalintulad* ang pagpaksa sa kaugnay na kabihasan at/o ibang kabihasan sa diwa ng kasaysayang komparatibo. Ngunit kahit walang tiyak at tuwirang pagtatagpo at paghahalintulad, maaari pa ring paksain ang mismong kabuuan ng kaugnay na kabihasan at/o ibang kabihasan na makakapagpalawak ng sariling *pananaw pandaigdig* sa diwa naman ng pangkasaysayang araling pang-erya. Maaaring ilarawan ang mga ito sa isang diagram na ginagamit bilang kasangkapang heuristiko upang ipakita ang saklaw ng *Kasaysayang Kabanwahan*:

Larawan 2
Saklaw ng Kasaysayang Kabanwahan



Navarro, 2000b



Salazar 1991
Navarro 2000b

--o000o--

Sa pamamagitan ng pambungad na ito, inaasahang maipopook ang ilang piling akda sa larangan ng *Araling Kabanwahan* at *Kasaysayang Kabanwahan* na nasa bahay-dagitab na ito.

SANGGUNIAN

- Aquino, Clemen (patnugot) (1992a). *Ang Lupon sa Araling Pang-erya: Isang Panimula*. Quezon City: UP College of Social Sciences and Philosophy.
- Aquino, Clemen (patnugot) (1992b). *Ang Migrasyon ng mga Pilipino: Tungo sa Araling Pang-erya*. Quezon City: UP College of Social Sciences and Philosophy.
- Aquino, Clemen (patnugot) (1992c). *Pagpapakilala sa Aprika*. Quezon City: UP College of Social Sciences and Philosophy.

- Asis, Maruja (patnugot) (1999). *Mga Eksilo, Inang Bayan at Panlipunang Pagbabago*. Quezon City: UP Center for Integrative and Development Studies at Scalabrini Migration Center.
- De Leon-Bolinao, Ma. Luisa (patnugot) (1993a). *Kasaysayan 2000: Mga Panayam sa Pangingibang-Bayan: Tungo sa Pagpapaunlad ng Disiplina ng Kasaysayan sa Pilipinas*. Quezon City: Trinitas Publishing, Inc.
- De Leon-Bolinao, Ma. Luisa (1993b). Mula sa Patnugot. Nasa De Leon-Bolinao, 1993a.
- Gealogo, Francis (1998). Demography and an Autonomous Filipino History: A Bibliographic Essay. Nasa Daniel Doeppers at Peter Xenos (mga patnugot), *Population and History: The Demographic Origins of the Modern Philippines*. Quezon City at Madison: Ateneo de Manila University Press at Center for Southeast Asian Studies, University of Wisconsin-Madison.
- Malay, A.S. (2002, Enero 8-10). Southeast Asian Studies in the Philippines. Papel na binasa sa *Conference-Workshop on SEA Studies in Asia: An Assessment Towards a Collaborative Action Plan*, SEAMEO-INNOTECH Building, Quezon City. Nasa M. Espinas, Armando Malay, at Aileen Baviera (patnugot), *Southeast Asian Studies in Asia: An Assessment*, Quezon City: UP Center for Integrative and Development Studies, 2003.
- Mendoza, S. Lily (2000). *Between the Homeland and the Diaspora: The Politics of Theorizing Filipino and Filipino American Identities*. Disertasyong Doktoral, Arizona State University. Inilathala ang bahagi nito bilang "Nuancing Anti-Essentialism: A Critical Genealogy of Philippine Experiments in National Identity Formation," na nasa Lisa Bower, David Theo Goldberg, at Michael Musheno (mga editor), *Between Law and Culture: Relocating Legal Studies*, Minnesota: University of Minnesota Press, 2001. Inilathala ang Disertasyong Doktoral ng may rebisyon bilang *Between the Homeland and the Diaspora: The Politics of Theorizing Filipino and Filipino American Identities; A Second Look at the Poststructuralism-Indigenization Debates*, New York at London: Routledge, 2002. Binagong edisyon, Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2006.
- Navarro, Atoy (1999a). Kasaysayan at Talastasang Bayan sa Wikang Filipino: Sa Duyan ng Pagbubuo ng Inang Bayan, Bansa at Sambayanan. *ADHIKA*, 1.
- Navarro, Atoy (1999b). Ugnayang Pilipinas-Marianas sa Kasaysayan: Ilang Tala Tungkol sa mga Pilipinong Eksilo sa Guam. Nasa Asis, 1999.
- Navarro, Atoy (2000a). Ang Bagong Kasaysayan sa Wikang Filipino: Kalikasan, Kaparaanan, Pagsasakasaysayan. *Bagong Kasaysayan* 11.
- Navarro, Atoy (2000b, Enero 14). Ang Bagong Kasaysayan at Kasaysayang Kabanwahan: Dalumat, Dulog at Pag-aaral Tungo sa Bagong Dantaon. Papel na binasa sa *Pang-Anibersaryong Symposium ng UP Lipunang Pangkasaysayan* (UP LIKAS), University of the Philippines, Diliman, Quezon City.
- Navarro, Atoy (2000c, Nobyembre 28-30). Ambag sa Kasaysayang Kabanwahan: Pagbabalik-tanaw sa Samu't Saring Pag-aaral sa Timog Silangang Asya sa Wikang Filipino. Papel na binasa sa *Pambansang Kumperensya sa Kasaysayan at Kultura ng Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa Kasaysayan ng Pilipinas* (ADHIKA ng Pilipinas), Colegio de la Purisima Concepcion, Roxas City, Capiz.
- Navarro, Atoy (2003, Mayo). Bagong Kasaysayan at Kasaysayang Bayan: Pambungad sa Pag-aaral ng Kabuuang Kasaysayang Pilipino. *Balitang ADHIKA* 5 (1).
- Navarro, Atoy (2005, Hulyo 8-12). Contributions to *Kasaysayang Kabanwahan: Local Scholarship in the Filipino Language and the Study of Southeast Asia in the Philippines*. Papel na binasa sa *Second Workshop on Local Scholarship and the Study of Southeast Asia: Bridging the Past and the Present*, Kartika Chandra Hotel, Jakarta, Indonesia.

- Navarro, Atoy (2006, Abril 18-20). Ambag sa Kasaysayang Kabanwahan: Pag-aaral sa Ugnayang Pilipinas-Marianas sa Kasaysayan at Tala Tungkol sa mga Pilipinong Eksilo sa Guam. Papel na binasa sa *Ika-4 na Pambansang Seminar-Workshop ukol sa Bagong Kasaysayan: Mga Larangan sa Pananaliksik at Pagtuturo, Integrasyon at Pagpopook (Indehinisasyon at Lokalisasyon)*, St. Thomas AVR, St. Thomas Building, Colegio de San Juan de Letran, Intramuros, Manila.
- Navarro, Atoy (2007a, Agosto 2-5). *Bagong Kasaysayan and Kasaysayang Kabanwahan: Toward a National/People's Discourse on Historical Intercultural/International Studies*. Papel na binasa sa *Fifth International Convention of Asia Scholars (ICAS 5) on Sharing a Future in Asia*, Kuala Lumpur Convention Centre, Kuala Lumpur, Malaysia.
- Navarro, Atoy (2007b, Nobyembre 20). Kasaysayang Kabanwahan at ang Internasyonalisasyon ng Diskursong Pantayo sa Labas ng Talastasang Bayan. Papel na binasa sa *Ika-2ng BAKAS-LIKAS Pambansang Sampaksaan sa Bagong Historiograpiyang Pilipino: Pantayong Pananaw at ang Bagong Kasaysayan sa Ika-21ng Dantaon*, College of Engineering Theater, UP Diliman, Quezon City.
- Navarro, Atoy, Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan (1997a). Konklusyon: Pantayong Pananaw: Kalagayan at Tunguhin. Nasa Navarro, Rodriguez, at Villan, 1997b.
- Navarro, Atoy, Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan (mga patnugot) (1997b). *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan; Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*. Mandaluyong: Palimbagan Kalawakan. Bagong edisyon, 2000.
- Salazar, Zeus (1991). Paunang Salita. Nasa Violeta Villaroman-Bautista at Rogelia Pe-Pua (mga patnugot), *Pilipinolohiya: Kasaysayan, Pilosopiya at Pananaliksik*, Manila: Kalikasan Press.
- Salazar, Zeus (1993). Paunang Salita. Nasa De Leon-Bolinao, 1993a.
- Salazar, Zeus (1997). Ang "Real" ni Bonifacio Bilang Teknikang Militar sa Kasaysayan ng Pilipinas. *Bagong Kasaysayan 1*.
- Salazar, Z.A. (2000). Karl Marx at Friedrich Engels; Manifesto ng Partido Komunista. Salin sa Filipino mula Aleman ng may Anotasyon. *Bagong Kasaysayan 10*.
- Salazar, Zeus (2005, Marso 2-3). Ang Pilipinong "Banua"/"Banwa" sa Mundong Melano-Polynesiano. Papel na binasa sa *International Conference on The Philippines Between Asia and Oceania*, Asian Center, University of the Philippines, Diliman, Quezon City. Pinalawak at inilathala bilang *Ang Pilipinong Banua/Banwa sa Mundong Melano-Polynesiano*, Quezon City: Palimbagan ng Lahi.